




Bagong Programa sa Pagkain para sa Mga Bata sa Summer!

Ang SUN Bucks ay bagong programa sa pagkain na magbibigay sa mga pamilya ng \$120 bawat karapat-dapat na bata upang bumili ng mga grocery sa panahon ng summer. Ang mga batang nakakuha ng SUN Bucks ay maaari pa ring makatanggap ng iba pang mga programa sa pagkain gaya ng CalFresh at mga pagkain sa Mga Site ng Summer Meal. **Ang SUN Bucks ay hindi makakaapekto sa katayuan sa imigrasyon.**

MAAARI BANG MAKAKUHA NG SUN BUCKS ANG AKING ANAK?


Awtomatikong makakakuha ng SUN Bucks ang iyong anak kung:


- Nakakuha ang iyong pamilya ng CalFresh, CalWORKS, o Medi-Cal sa panahon ng 2023-24 na taon ng pag-aaral.
- Nakakaranas sila ng kawalan ng tirahan, nakatira sa bahay ampunan, o bahagi ng pamilyang dayuhan.

 Siguraduhing na-update ang iyong pagpapadalang address sa iyong lalawigan upang maipadala ang iyong SUN Bucks sa tamang lugar! Magagawa mo ito online sa BenefitsCal.com, o tumawag o bumisita sa opisina ng iyong lokal na lalawigan (gamitin ang tab ng Tulong para sa mga lokasyon ng opisina).

Bagaman ang iyong pamilya ay hindi nakapagpatala sa mga programa sa itaas, maaari pa ring maging karapat-dapat ang iyong anak!

Dapat sila ay pumapasok sa mga paaralan, kabilang ang mga paaralan na may mga programang Pagsisimula, na bahagi ng mga Programa sa Pambansang Pananghalian sa Paaralan at/o Almusal sa Paaralan, at naaprubahan para sa libre o pinababang presyo na mga pagkain batay sa kita ng iyong pamilya.

 Siguraduhing magsumite ng form ng aplikasyon para sa pagkain sa paaralan o form ng alternatibong kita bago ang Agosto 31, 2024 - tanungin ang paaralan ng iyong anak kung anong form ang gagamitin at kung paano ito isumite kung hindi ka sigurado.

 Kung lumipat ka kamakailan, siguraduhing tawagan ang helpline (na magiging available sa lalong madaling panahon sa website ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California sa ibaba ng flier na ito) upang i-update ang iyong address.

PAANO GUMAGANA ANG SUN BUCKS?

- Makakakuha ka ng SUN Bucks sa card ng S-EBT na ipapadala sa iyong tahanan o itinalagang pagpapadalang address.
- Makakakuha ka ng bagong card ng SUN Bucks para sa bawat karapat-dapat na bata.
- Ang card ng S-EBT ay gagana gaya ng debit card. Maaari mong gamitin ang SUN Bucks upang bumili ng pagkain (maliban sa mga inihanda/mainit na pagkain) sa mga tindahan ng grocery, palengke ng mga magsasaka, at iba pang mga tindahan na tumatanggap ng mga benepisyong ng CalFresh EBT.
- Dapat gamitin ang SUN Bucks sa loob ng 122 araw mula sa petsa kung kailan naibigay ang mga benepisyong ng S-EBT sa card.

Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California: <https://cdss.ca.gov/sun-bucks>
Asosasyon ng mga Bangko ng Pagkain ng California: cafoodbanks.org/sun-bucks

Maaaring maging karapat-dapat ang iyong anak kung ang [taunang kabuuang kita ng iyong pamilya](#) ay hindi hihigit sa...

Kita ng Pamilya

\$36,482
\$45,991
\$55,500
\$65,009

Laki ng Pamilya



*Para sa school year 2023-2024

